# Hayaan ninyo ako sa anumang iniwan ko sa inyo. Nasawi lamang ang mga bago ninyo dahil sa pagtatanong nila at pagsalungat nila sa mga propeta nila

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Hayaan ninyo ako sa anumang iniwan ko sa inyo. Nasawi lamang ang mga bago ninyo dahil sa pagtatanong nila at pagsalungat nila sa mga propeta nila. Kaya kapag sumaway ako sa inyo laban sa isang bagay, iwasan ninyo ito; at kapag nag-utos ako sa inyo ng isang utos, gawin ninyo mula rito ang makakaya ninyo."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Bumanggit ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang mga patakarang pambatas ay nasa tatlong bahagi: mga ipinanahimik, mga sinasaway, at mga inuutos. A. Ang bagay na nanahimik ang kapahayagan tungkol dito yayamang walang kahatulan at na ang pangunahing panuntunan sa mga bagay ay ang kawalan ng pagsasatungkulin. Hinggil naman sa panahon ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), kinakailangan ang magwaksi ng pagtatanong tungkol sa isang bagay na hindi naganap, sa takot na magbaba rito ng isang pagsasatungkulin o isang pagbabawal sapagkat tunay na si Allāh ay nag-iwan nito bilang awa sa mga lingkod. Hinggil naman sa matapos ng kamatayan niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), kung ang pagtatanong ay sa paraan ng paghiling ng fatwā o pagtuturo ng kinakailangan mula sa nauukol sa Relihiyong Islām, ito ay pinapayagan; bagkus ipinag-uutos. Kung ito naman ay sa anyo ng pangungulit at pagkukunwari, ito ang tinutukoy ng pagwaksi sa pagtatanong sa ḥadīth na ito. Iyon ay dahil ito ay maaaring mauwi sa tulad ng naganap sa propeta ng mga anak ni Israel noong inutusan sila na magkatay ng isang baka sapagkat kung sakaling nagkatay sila ng alinmang baka, talagang nakasunod sana sila subalit sila ay naghigpit kaya hinigpitan sila. B. Ang mga sinasaway. Ang mga ito ay ang ginagantimpalaan ang tagawaksi nito at pinarurusahan ang tagagawa nito kaya naman kinakailangan ang pag-iwas sa mga ito sa kabuuan ng mga ito. C. Ang mga inuutos. Ang mga ito ay ang ginagantimpalaan ang tagagawa nito at pinarurusahan at ang tagawaksi nito kaya naman kinakailangan na gumawa mula rito sa abot ng kakayahan.